Sama-samang Ligal na Aksyon (*Class Action*) Laban sa Mac's Convenience Stores at Overseas Immigration Consulting

Balangkas ng Kaso

Apat na dayuhang manggagawa ay nagsimula ng sama-samang ligal na aksyon (*class action*) sa Korte Suprema ng British Columbia laban sa Mac's Convenience Stores, Overseas Immigration Services Inc., Overseas Career and Consulting Services Ltd. at Trident Immigration Services Ltd. (magkasama, "mga **Nasasakdal**").

Pinahayag sa sama-samang ligal na aksyon na sumingil ang Nasasakdal ng ilegal "*recruitment fees*" ng malaking bayad para makatrabaho sila sa Mac's Convenience Stores at mga Subway Restaurants na inooperahan ni Mac's sa Kanlurang Canada. Pagkatapos, pumasok sila sa kontrata para makatrabaho sa Mac's. Nung dumating sila sa Canada, hindi sila binigyan ng trabaho na nakatakda sa kontrata. Ang sama-samang ligal na aksyon ay humihingi ng tamang kompensayon o bayad para sa mga trabahador na nahirapan dahil sa pamamaraan na ito.

Noong Setyembre 18, 2017, isang hukom ng BC Korte Suprema ay nagpasya na ang aksyon ay sertipikado na maging sama-samang ligal na aksyon, o *class action*, dahil ang mga pag-angkin ng lahat ng mga tao sa klase ay magkatulad. Ayon sa kanya, ang *class action* ay ang pinakaepektibong paraan para isulong ang kaso.

Sino ang Maaaring Sumali?

Ang kaso na ito ay isinampa sa pangalan ng mga dayuhang manggagawa na, noong Disyembre 11, 2009 hanggang ngayon, nagbayad sa Overseas Immigration Services Inc., Overseas Career and Consulting Services Ltd., at/o Trident Immigration Services Ltd. at pagkatapos binigyan ng kontrata para makatrabaho sa Mac's Convenience Stores sa British Columbia, Alberta, Northwest Territories at Saskatchewan ("Kanlurang Canada") sa ilalim ng Temporary Foreign Worker Program ng Canada.

Kung sa palagay ninyo, kayo ay biktima ng iskemang ito, maaari kayong makipag-ugnay sa aming mga abodago:

Charles Gordon and Kirby Smith **Koskie Glavin Gordon**	**Carmela Allevato and Susanna Quail** **Allevato, Quail and Worth**

1650 – 409 Granville Street Vancouver, BC V6C 1T2 T 604.734.8001 F 604.734.8004 E classaction.koskieglavin@gmail.com W www.koskieglavin.com	405 – 510 W. Hastings Street Vancouver, BC V6B 1L8 T 604.424.8637 F 604.424.8632 E classaction@aqwlaw.ca W www.aqwlaw.ca